



INILABAS NA BALITA

PARA SA AGARANG PAGLABAS: Marso 13, 2019

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann - 415.749.4900

Nakipag-ayos ang Air District sa Shell Oil Products

Magbabayad ang refinery ng \$165,000 para sa mga paglabag sa kalidad ng hangin

SAN FRANCISCO – Inanunsyo ng Bay Area Quality Management District na pumayag na magbayad ng \$165,000 ang Shell Oil Products para ayusin ang mga paglabag sa kalidad ng hangin sa refinery nito ng petrolyo sa Martinez.

Kasama sa pag-aayos ang 16 na paunawa ng paglabag na ibinigay sa kumpanya para sa hindi pagsunod sa mga regulasyon ng kalidad ng hangin sa panahon ng mga operasyon nito na nangyari noong Oktubre 2015 at 2016. Inayos kaagad ang mga paglabag na humantong sa pag-aayos na ito pagkatapos itong malaman.

“Napapailalim ang mga refinery sa Bay Area sa mahihigpit na pambansa, pang-estado at lokal na regulasyon sa kalidad ng hangin na ipinapatupad ng Air District,” ani Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Nagsasagawa ang mga dedikadong inspektor ng kalidad ng hangin ng mga regular na inspeksyon para makatulong na matiyak na naitatama kaagad ang mga paglabag at napoprotektahan ang kalidad ng hangin.”

Nagmula ang apat sa paglabag mula sa isang insidente noong Disyembre 2016 na dahil sa pagkakamali ng isang operator. Naitama ang pagkakamali sa loob ng ilang minuto ngunit nagresulta sa labis na paglabas ng sulfur dioxide, tatlong paglabis sa pagiging hindi tinatagusan ng liwanag at shelter-in-place.

Kasama sa iba pang mga paglabag ang:

- Isang lampas na sa itinakdang pagsusuri para sa mga paglabas ng emission sa tangke ng cargo ng vessel
- Sirang selyo ng tangke sa isang tangke sa pag-iimbak ng organic na likido
- Mga paglabis sa pagiging hindi tinatagusan ng liwanag, at mga paglabis ng sulfur dioxide at hydrogen sulfide

Nagbibigay ang Air District ng mga paunawa ng paglabag kapag nilalabag ng mga pasilidad ang partikular na regulasyon o tuntunin sa kalidad ng hangin. Ang mga lumalabag ay karaniwang tumutugon sa paunawa sa loob ng sampung araw at nagsusumite ng isang paglalarawan ng mga aksyon na gagawin nila para iwasto ang problema. Maaaring kasama sa mga aksyon na ito ang agarang pagpapatigil ng ilang operasyon o pagbabago ng mga operasyon o kagamitan para sumunod.

Ang lahat ng pondo mula sa pag-aayos ay gagamitin para pondohan ang mga aktibidad ng Air District tulad ng inspeksiyon at pagpapatupad ng mga aktibidad na humantong sa pag-aayos na ito.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)